



APLIKASYON PARA SA MGA BENEPISYO NG CALFRESH

Kung ikaw ay may kapansanan o nangangailangan ng tulong sa aplikasyon na ito, ipaalam sa Departamento ng Kapakanan ng County o County Welfare Department (County) at may tutulong sa iyo.

Kung nais mong magsalita, magbasa, o magsulat sa lengguahe maliban sa Ingles, kukunan ka ng County ng isang tao na tutulong sa iyo nang walang bayad mula sa iyo.

Paano ako mag-aaplay?

Gamitin ang aplikasyong ito kung nag-a-apply ka para sa mga benepisyo ng CalFresh lamang. Ang CalFresh ay programang tumutulong sa iyo sa mga gastusin sa pagbili ng pagkain para sa iyong sambahayan. Kung gusto mong mag-apply para sa mga programang bukod sa CalFresh gaya ng CalWORKs o Medi-Cal, mangyaring humingi ng aplikasyon para mag-apply para sa ibang mga programa. Maaari ka ring mag-apply para sa CalFresh o ibang mga programa online sa pamamagitan ng pagpunta sa <https://www.benefitscal.org/>

- Punan nang buo ang form ng aplikasyon, kung maaari. Kinakailangan mo na ibigay man lang ang iyong pangalan, address, at lagda (katanungan 1 sa pahina 1) upang simulan ang proseso ng aplikasyon.
- Ibigay ang aplikasyon sa County nang personal, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng fax, o online.
- Ang araw na natanggap ng County ang iyong nalagdaang aplikasyon ang simula ng panahon na bigyan ka ng kasagutan kung makukuha mo ang mga benepisyo. Kung ikaw ay nasa institusyon, ang panahon ay magsisimula mula sa araw na ikaw ay umalis.

Ano ang aking susunod na gagawin?

- Basahin ang tungkol sa iyong mga karapatan at mga responsibilidad (Alituntunin ng Programa mga pahina 1 hanggang 5) bago mo lagda ang aplikasyon.
- Ikaw ay kinakailangang magkaroon ng panayam sa County upang talakayin ang iyong aplikasyon. Karaniwan sa mga panayam ay ginagawa sa pamamagitan ng telepono, ngunit ito rin ay magagawa nang personal sa opisina ng County o sa ibang lugar na inayos ng County. Kung ikaw ay may kapansanan, maaaring gumawa ng ibang mga kasunduan.
- Kung ikaw ay hindi pumuna sa lahat ng aplikasyon, maaaring tapusin ito habang nasa iyong panayam.
- Kinakailangan mo na magbigay ng patunay sa iyong kita, mga gastusin, at ibang mga pangyayari upang makita kung ikaw ay karapat-dapat.

Gaano ito katagal?

Ito ay maaaring umabot sa 30 na araw na maiproseso ang iyong aplikasyon. Maaari mong makuha ang mga benepisyo sa loob ng 3 araw ng kalendaryo, kung nakamit mo ang isa sa mga batayan ng Pinabilis na Serbisyo:

- Ang iyong buwanang kabuuang kita ng sambahayan (kita bago ang mga deduksyon) ay mas mababa sa \$150 at ang iyong salaping hawak o sa checking o savings akawnt ay \$100 o mas mababa; o
- Ang iyong gastusin sa kabahayan ng sambahayan (upa/mortgage at mga utilidad) ay higit sa iyong buwanang kabuuang kita at salaping hawak o sa checking o savings akawnt; o
- Ikaw ay isang migrante/pana-panahong mambubukid sa sambahayan na may mas mababa sa \$100 sa checking o savings at 1) naitigil ang iyong kita, o 2) ang iyong kita ay nag-umpisa ngunit hindi mo inaaasahan na kumuha ng higit sa \$25 sa susunod na 10 araw.

Upang matulungan ng County na makita kung ikaw ay makakuha ng mga benepisyo sa tatlong araw, pakisagutan ang mga katanungan 1, 6 hanggang 8, 11, at 16, at ibigay ang patunay ng iyong pagkakakilanlan sa County (kung meron ka nito) kasama ang aplikasyon.

Magpapadala ang county ng sulat upang ipaalam sa iyo kung ang iyong sambahayan ay naaprubahan o natanggihan ng mga benepisyo ng CalFresh.

Kumperensiya ng Ahensiya

Ang kumperensiya ng ahensiya ay isang proseso na nagbibigay sa mga sambahayan ng karapatan na humiling ng pulong na may karapat-dapat na tagasiyasat (ang pulong na ito ay maaaring dayuhin ng karapat-dapat na manggagawa at isang awtorisadong kinatawan) upang maresolba nang impormal ang anumang hindi pagkakaunawaan kung nakamit ba ng sambahayan ang batayan ng Pinabilis na Serbisyo.

Ang kumperensiya ng ahensiya ay kailangan maikedyul sa loob ng dalawang araw ng pagtatrabaho ng kahilingan, maliban kung ang sambahayan ay humiling na maaaring maikedyul mamaya o pinahayag na hindi nila nais na magkaroon ng kumperensiya ng ahensiya.

Ano ang kailangan ko sa aking panayam?

Upang maiwasan ang pagkaantala, magdala ng mga patunay sa mga sumusunod sa iyong panayam. Panatilihin ang iyong panayam kahit na wala kang patunay. Maaaring makatulong ang County sa pagkuha ng patunay. Habang nasa panayam, susuriin ng County ang impormasyon sa aplikasyon at magtatanong sa iyo upang makita kung ikaw ba ay makakakuha ng mga benepisyo ng CalFresh at ang halaga ng mga benepisyo na maaari mong makuha.

Patunay na Kinakailangan Upang Makakuha ng mga Benepisyo

- Identipikasyon (Driver's License, ID kard ng Estado, pasaporte).
- Saan ka naninirahan (isang kasunduan sa pag-upa, kasalukuyang multa na may address na nakalista).
- Mga Social Security Numbers (tignan ang kasulatan sa ibaba tungkol sa ilang hindi mga mamamayan).
- Pera sa bangko sa lahat ng mga tao sa iyong sambahayan (kasalukuyang mga bank statements).
- Ginanang kita ng bawat tao sa iyong sambahayan sa nakaraang 30 na araw (kasalukuyang mga pay stubs, pahayag ng pagtatrabaho mula sa pinagtrabahuan).
- **TANDAAN:** Kung nagtrabaho para sa sarili, mga rekord ng kita at gastusin o buwis.
- Hindi Ginanang kita (mga benepisyo ng walang trabaho, SSI, Social Security, mga benepisyo ng Beterano, suporta sa bata, kabayaran sa manggagawa o worker's compensation, mga Gawad at pautang ng paaralan, kita sa pag-upa, atbp.).
- Katayuan sa imigrasyon na naaayon sa batas para sa hindi mamamayan na nag-aaplay ng mga benepisyo **LAMANG** (Kard ng Dayuhang Rehistrasyon o Alien Registration Card, bisa).

TANDAAN: Ang ilang mga hindi mamamayan na nag-aaplay para sa katayuan ng imigrasyon base sa pang-abuso sa tahanan, prosekusyon sa krimen o pinagbabawal na pangangalakal ay maaaring hindi kinakailangan ng patunay. Kailangan din ng Social Security Number.

Patunay na Kinakailangan Upang Makakuha ng Karagdagang mga Benepisyo ng CalFresh

- Ang gastusin sa pabahay (mga resibo sa upa, multa sa mortgage, multa sa buwis ng ari-arian, mga dokumento ng insurance).
- Mga gastusin sa telepono at utilidad.
- Gastusin sa medikal para sa sinuman sa iyong sambahayan na nakakatanda (60 at mas matanda) o may kapansanan.
- Gastusin sa Pangangalaga ng bata at adulto dahil may isang nagtrabaho, naghahanap ng trabaho, dumadalo sa pagsasanay o paaralan, o nakikilahok sa aktibidad na kinakailangan sa trabaho.
- Suporta sa bata na binayaran ng isang tao sa iyong sambahayan.

Paano ko makukuha/magagamit ang aking mga benepisyo ng CalFresh?

- Ipapadala ng County sa koreo o bibigyan ka ng plastic na kard ng Electronic Benefit Transfer (EBT). Ang mga benepisyo ay mailalagay sa kard kung ang iyong aplikasyon ay naaprubahan. Lagdaan ang iyong kard kung nakuha mo ito. Ikaw ay magtatalaga ng Personal Identification Number (PIN) upang magamit ang iyong kard.
- Kung nawala, ninakaw, o nasira ang iyong EBT kard o sa tingin mo may isang tao na iyong kilala ang nakakaalam sa iyong numero ng PIN na hindi mo nais na magamit ang iyong mga benepisyo tumawag sa (877) 328-9677 o tumawag sa County kaagad. Siguraduhin lahat ng mga responsableng mga adulto at ang iyong awtorisading kinatawan ay alam na iulat ang isa sa mga problemang ito kaagad. Kung hindi mo naiulat na may ibang tao na hindi mo nais na gumastos sa iyong mga benepisyo ay may PIN mo at hindi mo napalitan ang PIN, hindi mapapalitan ang anumang benepisyo na nagamit.
- Maaari mong magamit ang mga benepisyo ng CalFresh upang bumili nang halos lahat ng mga pagkain, at pati mga butil at mga tanim na tutubo para sa iyong pagkain. Hindi ka maaaring bumili ng alkohol, tabako, pagkain ng alaga, ilang uri ng nalutong pagkain o kahit anong hindi pagkain (tulad ng toothpaste, sabon, o napkin).
- Ang mga benepisyo ng CalFresh ay tinatanggap sa karamihan sa mga tindahan ng groseri at ibang pang mga lugar na nagbebenta ng pagkain. Para sa listahan ng mga lokasyon na malapit sa iyo na tumatanggap ng EBT, mangyaring pumunta sa <https://www.ebt.ca.gov>.
- Ang mga benepisyo ng CalFresh ay para lamang sa iyo at sa iyong miyembro ng sambahayan. Panatilihin ligtas ang iyong benepisyo. Huwag ibigay ang numero ng PIN. Huwag itago ang numero ng PIN kasama ang iyong EBT kard.

Paano kung ako ay walang tahanan?

Ipaalam agad sa iyong County kung ikaw ay walang tahanan upang matulungan ka na makahanap ng address na magagamit sa pagtanggap ng iyong aplikasyon at makakuha ng mga abiso mula sa County tungkol sa iyong kaso. Para sa CalFresh, ang mga walang tirahan ay nangangahulugang ikaw ay:

- A. Naninirahan sa isang nasisiyasat na tuluyan, hindi tapos na bahay, o parehong lugar.
- B. Naninirahan sa tahanan ng ibang tao o pamilya nang hindi hihigit sa 90 na araw na direktso.
- C. Natutulog sa isang lugar na hindi nararapat, o karaniwang ginagamit na, isang lugar na tulugan (hal. Bulwagan, estasyon ng bus, hintayan, o parehong mga lugar).

MGA KARAPATAN AT MGA RESPONSABILIDAD

Ikaw ay may responsibilidad na:

- Ibigay sa County ang lahat ng impormasyon na kinakailangan upang mapagpasyahan ang iyong pagiging karapat-dapat.
- Ibigay sa County ang patunay ng impormasyon na meron ka kung kinakailangan.
- Kinakailangan na iulat ang mga pagbabago. Ibigay ng County ang impormasyon tungkol sa ano, kailan at paano iulat. Kung hindi mo nagampanan ng mga pangangailang pag-ulat ng iyong sambahayan, ang iyong kaso ay maisasara o ang iyong mga benepisyo ng CalFresh ay maaaring babaan o maitigil.
- Maghanap, kumuha, at panatilihin ang trabaho o makilahok sa ibang mga aktibidad kung sinabi ng County na kinakailangan ito sa iyong kaso.
- Makipagtulungan nang buo sa County, Estado, o tauhan ng pederal kung ang iyong kaso ay napili para sa pagsusuri o imbestigasyon upang siguraduhin na ang iyong pagiging karapat-dapat at antas ng benepisyo ay napag-alamang tama. Kabiguang makipagtulungan sa mga pagsusuring ito ay makakaresulta ng pagkawala ng iyong mga benepisyo.
- Magbayad ng anumang benepisyo ng CalFresh na hindi mo karapat-dapat na kunin.

Ikaw ay may karapatan na:

- Isumite ang aplikasyon para sa CalFresh na binibigay lamang ng iyong pangalan, address, at lagda.
- Magkaroon ng tagasalin na ibinigay ng Estado nang walang bayad kung iyong kinakailangan .
- Panatilihin kumpedensiyal ang impormasyon na ibinigay ng County, maliban kung direktang kaugnay sa mga programang administrasyon ng County.
- I-withdraw ang iyong aplikasyon sa anumang oras bago mapagpasyahan ng County ang iyong pagiging karapat-dapat.
- Humingi ng tulong upang punan ang aplikasyon para sa CalFresh at kumuha ng paliwanag ng mga alituntunin.
- Humingi ng tulong upang makakuha ng patunay na kinakailangan.
- Turingan ng may galang, konsiderasyon, at respeto, at hindi madidiskriminahan.
- Kumuha ng mga benepisyo ng CalFresh sa loob ng 3 araw kung ikaw ay kwalipikado para sa Pinabilis na Serbisyo.
- Magpapanayam sa isang risonableng halaga ng panahon sa County kung mag-aaplay at kung magpapasiya sa loob ng 30 na araw kung karapat-dapat.
- Ibigay sa County ang patunay nang hindi tataas sa 10 araw upang makapagpasiya kung karapat-dapat.
- Kumuha ng kasulatang abiso nang hindi lalampas sa 10 araw bago babaan o itigil ng County ang mga benepisyo ng CalFresh .
- Talakayin ang iyong kaso sa County at suriin ang iyong kaso kung ikaw ay tinanong tungkol dito.
- Humingi ng pagdinig sa Estado sa loob ng 90 na araw kung hindi ka sumasang-ayon sa County tungkol sa iyong kaso sa CalFresh. Kung ikaw ay humingi ng pagdinig bago maganap ang aksyon sa iyong kaso sa CalFresh, mananatili ang iyong mga benepisyo sa CalFresh hanggang sa pagdinig o sa wakas ng iyong panahon ng sertipikasyon, anuman ang mas maaga. Maaaring tanungin ang County na palitan ang mga benepisyo hanggang pagkatapos ng pagdinig upang maiwasan ang muling pagbayad ng anumang higit sa mga benepisyo. Kung pabor sa iyo ang alituntunin ng Batas ng Administrasyong Hukuman, ibabalik ng County sa iyo ang anumang mga benepisyo na naputol.
- Magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o para sa tulong sa pagsangguning legal at numero ng telepono nang walang bayad – **1-800-952-5253** o sa kapansanan sa pandinig o pananalita na gumagamit ng TDD, **1-800-952-8349**. Ikaw ay maaaring makakuha ng libreng tulong sa iyong lokal na tulong legal o sa opisna ng kabutihan ng mga karapatan.
- Magsama ng kaibigan o sinuman sa pagdinig kung hindi mo gustong pumunta mag-isa.
- Kumuha ng tulong mula sa County upang rumehistro sa pagboto.
- Iulat ang mga pagbabago na hindi mo kailangan na iulat, kung maaari nitong pataasin ang iyong mga benepisyo sa CalFresh.
- Magbigay ng patunay sa gastusin ng iyong mga sambahayan na maaaring makatulong upang makakuha ng karagdagang mga benepisyo sa CalFresh. Ang hindi pagbigay ng patunay sa County ay pareho sa pagsabi na wala kang gastusiin na ganoon at ikaw ay hindi makakakuha ng karagdagang mga benepisyo ng CalFresh.
- Ipaalam sa County kung nais mo ang sinuman na gumamit ng iyong mga benepisyo ng CalFresh sa iyong sambahayan o tulong sa iyong kaso sa CalFresh (Awtorisadong Kinatawan).

Pakikuha at itago para sa iyong mga rekord

Mga Alintuntunin at mga Parusa ng Programa

Ikaw ay gumagawa ng krimen kung nagbibigay ka nang hindi tama o mali na impormasyon, o hindi nagbibigay ng lahat ng impormasyon nang may layunin na kunin ang mga benepisyo ng CalFresh na hindi ka karapat-dapat na tumanggap, o tulungan ang sinuman na makakuha ng mga benepisyo na hindi karapat-dapat na tumanggap nito. Kailangan mong ibalik ang mga benepisyo na kinuha na hindi ka karapat-dapat na tanggapin.

<p>Mga Paglabag sa Programa Para sa CalFresh: Naintindihan ko na ako ay maaaring nakagawa ng intensyonal na paglabag sa programa kung ginawa ko ang alinman sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magtago ng impormasyon o gumawa nang hindi tunay na mga pahayag • Gumamit ng mga kard ng Electronic Benefit Transfer (EBT) na pinagmamay-ari ng isang tao o pinagamit sa isang tao ang aking kard • Gumamit ng mga benepisyo ng CalFresh para bumili ng alkohol o tabako • Mangalakal, bumili, magtinda, magnakaw o ibigay ang mga benepisyo ng CalFresh benefits or EBT cards • Subukang kumuha ng dobleng mga benepisyo, halimbawa, mag-aplay sa dalawa o higit pa na mga county o estado nang sabay • Isumite ang hindi totoo na mga dokumento para sa mga bata o adulto na miyembro ng sambahayan na hindi karapat-dapat o hindi umiiral. • Kondisyon ng paglabag ng probasyon o pansamantalang paglaya sa preso • Tumakas pagkatapos ng pagkasala sa malalang krimen • Pagbili (bumili) ng isang produkto na may benepisyo ng CalFresh na may ibinalik na deposito, intensyonal (may layunin) na itapon ang nilalaman at ibalik ang paglalagyanan para sa halagang idineposito o <u>tangkang</u> ibalik ang lalagyanan para sa halaga ng dineposito • Bumili ng produkto na may mga benepisyo ng CalFresh at intensyonal na muling ititinda para sa salapi o anumang ibang nararapat na pagkain 	<p>Mga parusa Maaari kong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mawala ang mga benepisyo ng CalFresh ng 12 na buwan para sa unang pagkasala at maaaring kailanganin na muling bayaran ang mga benepisyo ng CalFresh na sobrang binayad sa akin • Mawala ang mga benepisyo ng CalFresh ng 12 na buwan para sa pangalawang pagkasala at kinakailangan na muling bayaran ang sobrang ibinayad sa akin • Mawala nang permanente ang mga benepisyo ng CalFresh para sa ikatlong kasalanan at kinakailangan na muling bayaran ang mga benepisyo na sobrang ibinayad sa akin • Mamultahan ng hanggang \$250,000.00, maipreso hanggang sa 20 na taon o pareho
<ul style="list-style-type: none"> • Ipagpalit ang mga benepisyo ng CalFresh o tangkang ipagpalit ang mga benepisyo ng CalFresh para sa: salapi, sandata, hindi nararapat na mga bagay o kontroladong mga substansiya tulad ng droga 	<ul style="list-style-type: none"> • Mawala ang mga benepisyo ng CalFresh ng 24 na buwan sa unang pagkasala • Mawalan ng permanente ang mga benepisyo ng CalFresh para sa ikalawang pagkasala
<ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng hindi totoo impormasyon tungkol sa akin at kung saan ako naninirahan upang makakuha ng mga benepisyo ng CalFresh 	<ul style="list-style-type: none"> • Mawala ang mga benepisyo ng CalFresh ng 10 taon para sa bawat pagkasala
<ul style="list-style-type: none"> • Nakasala sa palitan, pagtinda o tangkang pagpalit sa mga benepisyo ng CalFresh sa halagang higit sa \$500, o palitan o tangkang pagpalit sa mga benepisyo ng CalFresh para sa sandata, amunisyon o mga pasabog 	<ul style="list-style-type: none"> • Mawala nang permanente ang mga benepisyo ng CalFresh

Pakikuha at itago para sa iyong mga rekord

Mahalagang Impormasyon para sa Hindi mga Mamamayan

- Ikaw ay maaaring mag-aplay at kumuha ng mga benepisyo ng CalFresh para sa mga tao na karapat-dapat, kahit na kasama ng iyong pamilya ang mga hindi karapat-dapat. Halimbawa, ang mga imigranteng magulang ay maaaring mag-aplay ng mga benepisyo ng CalFresh para sa kanilang mga mamamayan na U.S. o kwalipikadong imigranteng mga anak, pati mga magulang na hindi karapat-dapat.
- Ang pagkuha ng benepisyo sa pagkain ay hindi makakaapekto sa katayuan mo sa imigrasyon o ang iyong pamilya. Ang impormasyon ng imigrasyon ay pribado at kumpidensyal.
- Ang katayuan ng imigrasyon ng hindi mga mamamayan na karapat-dapat at nag-aplay sa mga benepisyo ay masusuri ng U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS). Pinapahayag ng batas pederal na ang USCIS ay hindi maaaring gumamit ng impormasyong para sa anuman maliban sa kaso ng panloloko.

Hindi Pagsali

Ikaw ay hindi kailangan na magbigay ng impormasyon sa imigrasyon, Social Security numbers, o mga dokumento para sa sinumang hindi mamamayan na (mga) miyembro na hindi nag-aaplay sa mga benepisyo ng CalFresh. Kailangan malaman ng County ang kanilang kita at impormasyon ng pinagkukunan upang mapagpasiyahan nang tama ang mga benepisyo ng sambahayan. Hindi makikipag-ugnay ang County sa USCIS tungkol sa mga tao na hindi nag-aaplay para sa mga benepisyo ng CalFresh.

Batas ng Pagiging Pribado at Pagpapalam: Ikaw ay nagbibigay ng personal na impormasyon sa aplikasyon. Ginagamit ng County ang impormasyon kung sino ang karapat-dapat para sa mga benepisyo. Kung hindi mo binigay ang hinihiling na impormasyon, maaaring matanggihan ng County ang iyong aplikasyon. Ikaw ay may Karapatan na suriin, baguhin, o iwasto ang anumang impormasyon na ibinigay sa County. Hindi ipapakita ng County ang iyong impormasyon o ibibigay ito sa iba maliban kung binigyan mo ng pahintulot o pinayagan ng batas ng pederal o estado na gawin ito. 273.2(b)(4) Pahayag ng Batas ng Pagiging Pribado. Bilang ahensiya ng County, kailangan natin na abisuhan ang lahat ng sambahayan na nag-aaplay at muling sertipikado para sa mga benepisyo ng CalFresh sa mga sumusunod:

- Ang koleksiyon nitong impormasyon, kasama ang social security number (SSN) ng bawat miyembro ng sambahayan, ay awtorisado sa ilalim ng Food Stamp Act ng 1977, na binago, 7 U.S.C. 2011-2036. Gagamitin ang impormasyon sa pagpasiya kung ang iyong sambahayan ay karapat-dapat ba o patuloy na maging karapat-dapat na makilahok sa Programa ng CalFresh. Aming beberipakahin ang impormasyon sa pamamagitan ng mga programang pagpaparis ng kompyuter, kasama ang Income and Earnings Verification System (IEVS). Ang impormasyong ito ay magagamit din sa pagsubaybay ng programa alinsunod sa mga regulasyon at para sa pamamahala ng programa.
- Ang impormasyon ay maaaring ipagbigay alam sa mga ahensiya ng Pederal at Estado para sa opisyal na eksaminasyon, at sa mga opsiyal ng pagtaguyod ng batas para sa layunin na dukutin ang mga taong tumatakas upang maiwasan ang batas.
- Kung ang pag-angkin ng CalFresh ay nangyari laban sa iyong sambahayan, ang impormasyon dito sa aplikasyon, kasama ang SSNs, ay maaaring isangguni sa mga ahensiya ng Pederal at Estado, pati ang mga ahensiya ng nangongolekta ng pribadong pag-angkin, para sa mga aksyon ng koleksiyon sa pag-angkin.
- Ang pagbigay ng hiniling na impormasyon kasama ang SSN ng bawat miyembro ng sambahayan, ay boluntaryo. Subalit, ang bigong pagbigay ng SSN ay magresulta ng pagtangi sa mga benepisyo ng CalFresh sa bawat idibidwal na bigong nagbigay ng SSN. Anumang ibinigay sa SSNs ay ibibigay sa paggamit at pagpapalam sa parehong paraan ng mga karapat-dapat na mga miyembro ng sambahayan na may SSNs.

Maaaring beripakahin ng County ang katayuan sa imigrasyon ng mga miyembro ng sambahayan na nag-aaplay ng mga benepisyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa USCIS. Ang impormasyon na kukunin ng County ay mula sa mga ahensiya na maaaring makaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat at antas ng mga benepisyo.

Susuriin ng County ang iyong mga kasagutan gamit ang impormasyon sa mga elektronikong mga databases ng estado at pederal mula sa Internal Revenue Service (IRS), Social Security Administration, ang Department of Homeland Security, at/o **ahensiya ng pag-ulat ng konsumer**. Kung hindi magkapareho ang impormasyon, maaaring humingi ang County sa iyo na magpadala ng patunay.

Pakikuha at itago para sa iyong mga rekord

Paggamit ng Social Security Numbers (SSN)

Lahat ng nag-aaplay ng mga benepisyo ng CalFresh ay kailangan na magbigay ng SSN, kung meron man, o patunay na sila ay nag-aaplay ng SSN (tulad ng sulat mula Social Security Office). Maaaring tanggihan ng County ang mga benepisyo para sa iyo o sinuman na miyembro ng sambahayan na hindi magbibigay ng SSN. Ang ilang mga tao ay hindi kinakailangang magbigay ng SSN upang makakuha ng tulong tulad ng mga biktima ng abuso sa tahanan, mga saksi sa isang krimen ng persekusyon, at ibinagbabawal na pangangalakal ng mga biktima.

Sobrang Pag-isyu

Ito ay nangangahulugang ikaw ay nakakuha ng higit na mga benepisyo ng CalFresh sa nararapat na meron ka. Kinakailangan mo na bayaran ito kahit na kung nagkamali ang County o kung hindi ito ginawa nang may layunin. Ang iyong benepisyo ay maaaring maibaba o maitigil. Ang iyong SSN ay maaaring magamit sa pagkolekta ng halaga ng utang ng mga benepisyo, sa pamamagitan ng mga korte, ibang mga ahensiya ng kolesyon, o aksyon ng pagkolekta ng pederal na gobyerno.

Pag-ulat

Bawat sambahayan na kumukuha ng mga benepisyo ng CalFresh ay kailangan na mag-ulat ng ilang pagbabago. Sasabihin ng County sa iyo ang mga pagbabagong nai-ulat, paano iulat ang mga ito, at kailan iulat ang mga ito. Ang kabiguan na hindi pag-ulat ng mga pagbabago ay maaaring magresulta na babaan o itigil ang mga benepisyo ng CalFresh. Ikaw rin ay maaaring mag-ulat ng mga bagay na nangyari na maaaring magpataas sa iyong mga benepisyo, tulad ng pagkuha ng mas mababang kita.

Pagdinig sa Estado

Ikaw ay may karapatan na magkaroon ng pagdinig sa Estado kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang aksyon na nakuha tungkol sa iyong aplikasyon o iyong pagpapatuloy na mga benepisyo. Ikaw ay maaaring humiling ng pagdinig sa Estado sa loob ng 90 na araw sa aksyon ng County at kailangan mong sabihin sa kanila kung bakit nais mo ng pagdinig. Ang iyong matatanggap na abiso nang pag-apruba at pagtanggap mula sa County ay may impormasyon kung paano humiling ng pagdinig sa Estado. Kung ikaw ay humiling ng pagdinig bago mangyari ang aksyon, maaari mong panatilihin ang mga benepisyo ng CalFresh sa parehong panahon hanggang maabot ang desisyon.

Pahayag ng Walang Diskriminasyon: Alinsunod sa batas Pederal ng sibil na mga karapatan at mga regulasyon at polisiya ng sibil na karapatan ng U.S. Department of Agriculture (USDA), ang USDA, ang mga Ahensiya nito, mga opisina at mge empleyado, at mga institusyon na nakikilahok o namamahala sa mga programa ng USDA ay pinagbabawalan na dumiskrimina base sa lahi, kulay, nasyonalidad, kredo ng relihiyon, kapansanan, edad, paniniwalang politikal, o paghihiganti o retalyasyon para sa anumang aktibidad bago ang sibil na karapatan sa anumang programa o aktibidad na pinondohan ng USDA.

Ang mga tao na may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon para sa programa sa impormasyon (hal. Braille, malaking printa, audiotape, American Sign Language, atbp.) ay kailangan na makipag-ugnay sa Ahensiya (Estado o lokal) kung saan sila nag-aaplay para sa mga benepisyo. Ang mge indibidwal na mga bingi, hirap sa pagdinig o may kapansanan sa pananalita ay maaaring makipag-ugnay sa USDA sa pamamagitan ng Serbisyo sa Pagpapahiwatig ng Pederal o Federal Relay Service sa (800) 877-8339. Dagdag dito, ang impormasyon sa programa ay maaaring magamit sa mga lengguahe maliban sa Ingles.

Upang maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa programa, kumpletuhin ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon ng Programa ng USDA o USDA Program Discrimination Complaint Form, (AD 3027) na makikita online sa <https://www.usda.gov/oascr/how-to-file-a-program-discrimination-complaint>, at sa anumang opisina ng USDA, o makipag-ugnay sa Koordinator ng Sibil na Karapatan ng County o County's Civil Rights Coordinator, o magsulat ng liham na naka-address sa USDA at ibigay sa liham lahat ng impormasyon na kinakailangan sa form o isulat sa California Department of Social Services (CDSS) na ang address ay nasa ibaba. Upang humiling ng kopya ng form ng reklamo, tumawag sa (866) 632-9992. Isumite ang nakumpletong form o liham sa USDA sa pamamagitan ng:

- | | | |
|------------|--|---|
| (1) koreo: | U.S. Department of Agriculture
Office of the Assistant Secretary for Civil Rights
1400 Independence Avenue, S.W.
Washington D.C. 20250-9410 | CDSS
Civil Rights Bureau
P.O.BOX 944243, M.S. 8-16-70
Sacramento, CA 94244-2430
1-866-741-6241 (Libreng Toll) |
| (2) fax: | (202) 690-7442; o | |
| (3) email: | program.intake@usda.gov | |

Ang institusyong ito ay tagapagkaloob ng pantay na oportunidad.

Pakikuha at itago para sa iyong mga rekord

Mga Pagsusuri sa File sa mga Kaso

Ang iyong mga kaso ay maaring mapili para sa karagdagang pagsusuri upang masiguro ang iyong pagiging karapat-dapat at napagpasiyahan ito na tama. Kailangan mong makikoopera nang buo sa County, Estado, o tauhan ng pederal sa anumang imbestigasyon o pagsusuri, kasama ang kalidad ng pagkontrol ng pagsusuri. Kabiguan sa pagkoopera ay maaaring magresulta ng pagkawala ng iyong mga benepisyo.

Mga Alituntunin sa Trabaho para sa CalFresh

Maaaring magtalaga sa iyo ang County ng programang pantrabaho. Sasabihin nila kung ito ay boluntaryo o kailangan mong gawin ang programang pantrabaho. Kung ikaw ay may mandatoryong aktibidad sa trabaho at hindi mo ito nagawa, ang iyong mga benepisyo ay maaaring babaan o maitigil. Ikaw ay maaaring hindi maging karapat-dapat para sa CalFresh kung ikaw ay kumakailan-lamang umalis sa trabaho nang walang mabuting rason.

Paggamit ng EBT

Anumang benepisyo na nakuha sa iyong akawnt, o sinumang miyembro ng sambahayan, o ang iyong awtorisadong kinatawan ang nag-ulat na ang EBT kard o PIN ay nawala o ninakaw ay **hindi** mapapalitan.

Anumang paggamit mo ng iyong EBT kard, ng isang miyembro ng sambahayan, ng iyong awtorisadong kinatawan, o sinuman na boluntaryo mong ibinigay ang iyong EBT kard at PIN na nakonsiderang naaprubahan mula sa iyo at anumang benepisyo na nakuha sa iyong akawnt ay **hindi** mapapalitan.

Kung hindi mo naiulat na ang ibang tao na hindi mo nais maggastos ang iyong mga benepisyo ay may alam ng iyong PIN at hindi mo napalitan ng iyong PIN, anumang mga benepisyo na nagamit ay **hindi** mapapalitan.

Pakikuha at itago para sa iyong mga rekord

MGA TALA

Gumamit ng itim o asul na tinta dahil mas madaling basahin at pinakamabuti sa pagkopya. Pakiprinta ang iyong mga kasagutan. Kung kailangan ng karagdagang espasyo upang sagutin ang (mga) katanungan, gamitin ang pahina 10 "Karagdagang Espasyo sa Pagsulat" na seksyon at ilakip ang karagdagang mga pahina ng papel kung kinakailangan upang maibigay ang impormasyon. Siguraduhin na tukuyin kung anong katanungan ang iyong sinusulat sa karagdagang espasyo o sa karagdagang pahina ng papel.

1. IMPORMASYON NG APLIKANTE

PANGALAN (PANGALAN, GITNANG PANGALAN, APELYIDO)	IBANG PANGALAN (APELYIDO SA PAGKADALAGA, ALYAS, ATB.)	SOCIAL SECURITY NUMBER (KUNG MERON KA AT NAG-AAPLAY PARA SA MGE BENEPISYO)		
ADDRESS NG TIRAHAN O MGA DIREKSYON SA IYONG TAHANAN	LUNGSOD	ESTADO	ZIP CODE	
ADDRESS SA KOREO (KUNG IBA SA ITAAS)	LUNGSOD	ESTADO	ZIP CODE	

PAHINTULOT SA KONTAK

Pakibigay sa county ang pinakamabuting kontak na impormasyon upang maabot ka. Ito ay makakatulong sa pagproseso ng iyong aplikasyon. Sa pamamagitan ng pagbigay ng iyong kontak na impormasyon sa ibaba, ikaw ay nagpapahintulot sa county na makipag-ugnay sa iyo sa pamamagitan ng telepono, email, o teks, o mag-iwan ng mensahe sa telepono tungkol sa iyong aplikasyon.

TELEPONO SA TAHANAN	CELFON	ITSEK ANG KAHON PARA SA TEKS <input type="checkbox"/>
TRABAHO/ALTERNATIBO/MENSAHE SA TELEPONO	EMAIL ADDRESS	

Ikaw ba ay walang Tahanan? Oo Hindi Kung **oo**, ipaalam sa County kaagad kung ikaw ay walang tahanan, upang matulungan ka na maghanap ng address na magagamit sa pagtanggap mg iyong aplikasyon at kumuha ng abiso mula sa county tungkol sa iyong kaso.

Anong lengguahe ang iyong nais sa pagbasa (kung hindi Ingles)? _____

Anong lengguahe ang iyong nais sapagsalita (kung hindi Ingles)? _____

Magbibigay ang County ng tagasalin ng walang bayad sa iyo. Kung ikaw ay bingi o hirap sa pagdinig, itsek dito

Ikaw ba o sinuman sa iyong sambahayan ay may kapansanan (opsyonal na katanungan)? (PAKI TSEK ANG ISA)
 Oo Hindi

Ikaw ba o sinuman sa iyong sambahayan ang nangangailangan ng akomodasyon dahil sa kapansanan (opsyonal na katanungan)? Oo Hindi

Mayroon bang nakaraang dahas/abuso sa tahanan (opsyonal na katanungan)? Oo Hindi

Ikaw ba ay interesado sa pag-aplay para sa Medi-Cal? Kung oo, gagamitin ng County ang iyong mga kasagutan upang malaman kung ikaw ay makakakuha ng Medi-Cal. Oo Hindi

Ang iyong buwanang kabuuang kita ba ng sambahayan ay mas mababa sa \$150 at ang salaping hawak, o sa checking at savings akawnt ay \$100 o mas mababa pa? Oo Hindi

